# Balitang Manmin

BILANG 132 MAYO 17, 2015


# "Nais Ba Ninyong Malaman Kung Paano Mananatiling Malakas at Malusog?"

## Ang Sagot ng mga Nakatatandang Miyembro sa Pananatiling 'Bata' – Pag-asang Mabuhay sa Langit




Ang mga miyembrong nananalangin at sumusunod sa Salita ng Diyos ay tumatamasa ng kagalakan ng puso at malusog na buhay kahit may edad na. Naglilingkod sila ng tapat at masaya para sa kaharian ng Diyos. May buhay na walang hanggan sila sa Langit. (Paikot sa kanan, Elder Jaesik Lee, Punong Diakonesa Jungsoon Lee, Diakono Woowon Ju (gitna, nakasalamin), at Kapatid na Miyako Simodaira)

Dahil sa pagsulong ng makabagong teknolohiyang medikal, umaasa ang mga tao na mabubuhay sila hanggang 100 taong gulang. Nagiging interesado sila kung paano magkakaroon ng mas aktibo at masayang buhay pagtanda nila. Ipinapakita sa telebisyon at mga magasin ang mga paraan kung paano magiging masaya pagtanda. Sa Manmin Central Church, maraming nakatatandang miyembro ang nagsusulong ng malusog at puspos ng Espiritung buhay bilang mga Cristiano, inaasahan nila ang buhay na walang hanggan sa Langit.

Kahit 86 taong gulang na si Elder Jaesik Lee (litrato 2), naglilingkod siya ng tapat bilang Punong Guro ng Paaralang pang-Linggo at Direktor ng Pananalapi ng Immanuel Choir sa Gwangju Manmin Church. Palabati siya at mahusay maglingkod. Pinupuri siya at nirerespeto ng maraming miyembro ng iglesya. Nasa oras siya kung dumating sa mga pulong, at palagi siyang nananalangin. Nagbibigay siya ng magandang halimbawa sa ibang mananampalataya.

Sinabi ni Elder Lee, "Sa sandaling maniwala ang isang tao sa Diyos, dapat maging tapat siya. Nakita ko ang maraming makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee kaya nanampalataya ako. Dahil dito, sumunod ako. Sa pananampalataya at pagsunod na ito, biniyayaan ako ng Diyos ng malusog na pangangatawan para tapat na makapaglingkod. Inaasahan ko ang buhay sa Langit. Masaya ako at nagpapasalamat."

Maraming problema sa kalusugan si Kapatid na Miyako Simodaira, 77 taong gulang, taga-Japan (litrato 1), pero gumaling ang alta-presyon, anemia, at reflux gastritis niya. Nagdusa din siya sa loob ng 16 na taon mula sa epekto ng frostbite sa sampung daliri ng mga paa niya. Tuwing tag-lamig at umuulan ng yelo, nagdudugo ang mga daliring ito, hindi siya makapag-lakad. Pero gumaling din ito. Bumalik din ang linaw ng mga mata niya, mula 0.6-1.5 nang nilagyan niya ito ng Muan Sweet Water sa halip na gamutin.

Sinabi niya, "Bilang pagsunod sa Salita ng Diyos, itinapon ko ang altar ng mga diyus-diyosan, ang Kamidana, isang maliit na altar sa bahay, at mga dekorasyong gintong dragon. Tumanggap ako ng maraming biyaya. Sa katunayan, pangkaraniwan sa Japan ang pagkakaroon ng mga diyus-diyosan, pero nang malaman kong napopoot ang Diyos sa pagsamba ng mga ito, itinapon ko silang lahat."

Dahil nagbibigay siya ng ikapu, biniyayaan ng Diyos ang lupain niya ng masaganang ani. Higit sa lahat, ipinagpapasalamat ni Kapatid na Simodaira ang katiyakan ng kaligtasan at buhay na walang hanggan sa Langit.

Malusog at malakas si Punong Diakonesa Jungsoon Lee (litrato 3), 82 taong gulang. Hindi nagbago ang mainit na pagmamahal niya sa Panginoon sa loob ng 50 taon ng pananampalataya.

Noong bata pa siya, naghandog siya ng gintong sing-sing sa Diyos at hiniling sa Kanya na bigyan siya ng pananampalataya tulad ng purong ginto. Sa loob ng 33 taon magmula noong nagbukas ang iglesya, naging tapat siya sa pananalangin para sa kaharian ng Diyos bilang pinakamatandang miyembro ng grupo ng mga nananalangin. Malaki din ang pagmamahal niya para sa mga kaluluwa kaya masipag siya sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Ni hindi pa siya naoospital ni umiinom ng kahit na anong medisina dahil puno ng pagpapala at kagalakan ang buhay niya magmula ng makilala niya ang Panginoon.

Ang ang paraan niya para manatiling 'bata'? Sinabi niya na pananalangin at Muan Sweet Water, "Umiinom ako ng isang tasang Muan Sweet Water araw-araw at nananalangin na palakasin ng Diyos ang lahat ng bahagi ng katawan ko, na hindi malagas ang mga buhok ko, at maging matibay ang mga ngipin ko hanggang sa humarap ako sa Panginoon."

Hinahangad ni Diakono Woowon Jun (litrato 4) 85 taong gulang, ang pagpapala ng Diyos. Kahit naninirahan siya sa Incheon, pumupunta siya sa malaking iglesya sa Seoul para dumalo sa pagsamba tuwing Linggo. Pinapakinggan niya ang mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN, at tumatanggap ng panalangin tatlo o apat na beses sa isang araw. Sinabi niyang ito ang paraan niya para maging malusog. Araw-araw, sa loob ng isang oras, idinadalangin niya ang sarili at ang pagtatayo ng santuwaryo. Sinabi niya na ang pinakamalaking pagbabago sa buhay niya nang maging Cristiano siya ay kagalakan at kapayapaan ng puso.

Sinasabing malungkot ang buhay, hirap sa pera, at may mga karamdaman ang maraming nakatatanda sa mundo. Walang nag-aalaga sa kanila. Gayon pa man, sinasabi ng Diyos ng pag-ibig sa Kawikaan 16:31, "Ang ulong ubanin ay korona ng kaluwalhatian, iyon ay nakakamtan sa daan ng katuwiran." Sa Panginoon, magkakaroon ng malusog at mapayapang buhay ang mga nakatatanda. Hindi sila mag-aalala, may pagmamahalan sila ng mga kapatid kay Cristo at mayroong walang hanggang buhay sa Langit.

"Ngunit silang naghihintay sa PANGINOON ay magpapanibagong lakas, sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang agila, sila'y tatakbo at hindi mapapagod, sila'y lalakad, at hindi manghihina." (Isaias 40:31)

# "Kung Kalulugdan Tayo ng PANGINOON…"



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Kung kalulugdan tayo ng PANGINOON ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing iyon, at ibibigay Niya sa atin; isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot." (Mga Bilang 14:8)

●●●

Nakarating sa Lupang Ipinangako sa Canaan ang mga Israelita pagkatapos ng isang taon ng Exodo mula sa Ehipto. Kung dumaan sila sa mas maiksing daanan, mga ilang araw lang ang aabutin mula sa Ehipto hanggang sa Canaan. Pero ginabayan sila ng Diyos sa mas ligtas na daan, sa desyerto, kahit umikot pa sila. Ito'y para maiwasan nila ang pakikipaglaban sa mga Filisteo.

At para makapasok sila sa Canaan, kinailangan ng pananampalataya ng buong kongregasyon ng Israel. Binigyan sila ng Diyos ng maraming pagkakataon para manampalataya. Nagpakita Siya ng kapangyarihan Niya sa pamamagitan ni Moises sa tuwing mahaharap sila sa mahirap na situwasyon. Pag-aralan natin ang mga pagsubok ng pananampalataya na ibinigay sa mga Israelita.

## 1. Hindi pumasa sa pagsubok ng pananampalataya ang sampung espiya at ang mga Israelita

Nakarating na sa wakas ang mga Israelita sa Kadesh-Barnea, sa bandang ibaba ng Lupain ng Canaan. Mula sa labindalawang tribo, pinapili ng Diyos si Moises ng tig-iisang lider na mageespiya sa lupain sa loob ng apatnapung araw. Ito ang simula ng pagsubok ng pananampalataya para makapasok sa Canaan.

Minanmanan nila ang Lupain ng Canaan sa loob ng apatnapung araw, at katulad ng sinabi ng Diyos, ito ay lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot. Mataba ang lupa at ang mga prutas at mga pananim ay masagana. Pero may mga ibang tao sa Lupain ng Canaan. Malalaki sila at malalakas. Sila ay mga anak ni Anak, mga Nephilim. Napakalaki nila, sa tingin ng mga espiya, parang kasinliit sila ng balang kung ikukumpara sa mga ito. Dahil malalaking tao ang mga ito, malalaki din ang mga lunsod at kuta nila. Nanghina ang kalooban ng sampu sa labindalawang espiya sa nakita nila. Dahil sa narinig na negatibong balita, ang mga Israelita ay nagsimulang magreklamo laban kina Moises at Aaron.

Mababasa sa Mga Bilang 4:2-3, "At nagreklamo ang lahat ng mga anak ni Israel laban kina Moises at Aaron. Sinabi sa kanila ng buong sambayanan, 'Namatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto! O kaya'y namatay na sana tayo sa ilang na ito! Bakit kaya tayo dinala ng PANGINOON sa lupaing ito, upang tayo'y bumagsak sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging biktima. Hindi ba mas mabuti para sa atin na tayo'y magbalik sa Ehipto?'" Dahil sa sinabi nila, nangamatay sila sa desyerto.

Maging maingat tayo sa mga sasabihin natin.

## 2. Pumasa si Josue at si Caleb sa pagsubok ng pananampalataya dahil sa espirituwal na patotoo

Pinalaya ng Diyos ang mga anak ni Israel mula sa Ehipto sa pamamagitan ng Sampung Salot. Pinatawid Niya ang mga ito sa dagat na Pula na parang lumakad sila sa tuyong lupa. Binigyan Niya ang mga ito ng manna at pugo; pinatnubayan Niya sila ng haligi ng ulap sa umaga at haligi ng apoy sa gabi.

Gayon pa man, nakalimutan na ito ng mga Israelita. Ang kasalukuyang situwasyon lang ang nakikita nila. Dumadaing sila laban sa Diyos at kay Moises sa tuwing hindi nila nagugustuhan ang nangyayari. Nagplano pa sila na pumili ng ibang lider para makabalik sila sa Ehipto. Pero, nagmakaawa sa kanila sina Josue at Caleb, ipinahayag nila ang pananampalataya nila habang pinupunit ang kanilang mga damit.

Nakasulat sa Mga Bilang 14:7-9, "At sinabi nila sa buong kapulungan ng mga anak ni Israel, 'Ang lupain na aming pinuntahan upang lihim na siyasatin ay isang napakagandang lupain. Kung kalulugdan tayo ng PANGINOON ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing iyon, at ibibigay Niya sa atin; isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot. Huwag lamang kayong maghimagsik laban sa PANGINOON ni matakaot sa mga tao ng lupaing iyon, sapagkat sila'y parang tinapay sa atin; ang Kanyang kalinga ay inalis sa kanila, at ang PANGINOON ay kasama natin; huwag kayong matakot sa kanila.'" Gusto pang batuhin ng mga tao ang dalawang lalaking ito.

Ipinadala ng Diyos ang labindalawang espiya sa Canaan para subukin ang pananampalataya nila. Si Josue at si Caleb lang ang pumasa. Hindi nababahala sa situwasyon ang mga taong may pananampalataya. Tinatanto nila kung ano ang kalooban ng Diyos at batid nila na lahat ng bagay ay makakaya nilang gawin kung kasama nila ito. Pagkatapos, papatunayan nila sa mga gawa ang ipinahayag nila para magbunga ng pananampalataya.

Sa katunayan, naranasan ng mga Israelita ang kapangyarihan ng Diyos, pero maliban kina Josue at Caleb, hindi sila nakapasa sa pagsubok ng pananampalataya. Hindi lang iyan, nilabanan pa nila ang Diyos sa pamamagitan ng masasamang salita at mga gawa. Dahil dito, hindi sila nakapasok sa Lupain ng Canaan.

Kaya, ang pangako ng Diyos tugkol sa Canaan ay nailipat sa mga inapo na mas mababa sa edad na dalawampu. Namatay dahil sa salot ang sampung espiya na nagdala ng mga negatibong balita tungkol sa lupain na naging dahilan ng mga pagdaing ng kongregasyon.

## 3. Nagkasakit ang mga Israelita na hindi nagsisi

Tulad ng sinabi ng mga sumunod na talata pagkatapos ng Mga Bilang 14:39, nagsisi ang mga Israelita, lulusob na sila ngayon sa Lupain ng Canaan.

Batid ni Moises na hindi nila kasama ang Diyos dahil nagkasala sila at sumuway, pinigilan niya ang mga ito. Lumusob pa rin ang iba sa kanila sa bansa kahit binalaan sila ni Moises. Ang resulta ay matinding pagkatalo.

Sa halip na lumusob sa Lupain ng Canaan, nagsisi muna sana sila ng lubos dahil sa kasamaan nila at nagsikap na magkaroon ng espirituwal na pananampalataya. Pero lumusob sila para makatakas sa kaparusahan at pagtakpan ang pagkakamali nila, hindi dahil nagsisisi sila. At ito ay muling pagsuway. Dahil dito, pinagdusahan nila ang matinding pagkatalo. At nagsimula ang apatnapung taong pagala-gala nila sa desyerto.

Hindi nagsisi ni nanumbalik ang unang henerasyon ng Exodo kahit pinarusahan sila at pagalagala sa desyerto. Pagkatapos, niyaya ng isa sa mga Levita na tinawag na Kora ang 250 maimpluwensyang lider na sumama sa kanya para labanan si Moises. Walang kapararakang inakusahan ni Datan at Abiram si Moises na ito ang dahilan kung bakit hindi sila nakapasok sa Canaan. Pagkatapos magsalita ni Moises tungkol sa kamatayan nina Kora, Datan, at Abiram, bumuka ang lupa sa ilalim nila at ng kanilang mga pamilya. Sa puntong ito, natanto na sana nila kung ano ang kalooban ng Diyos. Pero nagreklamo sila laban kina Moises at Aaron.

Nagplano ulit ang mapagtiis na Diyos para makaunawa ang mga mamamayan. Sinabi Niya kay Moises na kumuha ng tungkod mula sa bawat isang lider ng bawat tribo, labindalawa lahat. Ipina-ukit Niya ang pangalan ng mga lider ng bawat tribo sa mga tungkod, pagkatapos, ipinalagay Niya ang mga tungkod na ito sa tolda ng patotoo. Gusto ng Diyos na pakitaan sila ng ebidensya. Kinabukasan, nakita nilang pinamulaklak ng Diyos ang tungkod ni Aaron.

Pero, balewala ang tandang ito sa kanila. Kahit nakita nila ito, nagreklamo pa rin sila gaya ng dati, kapag naubos ang tubig na inumin o kapag sawa na sila sa pagkain ng manna araw-araw. Lumipas ang panahon, nagsilaki na ang mga bata ng Exodo, may mahalagang tungkulin na silang haharapin. Malapit nang matapos ang apatnapung taon. Malapit nang matapos ang paghihirap nila sa desyerto at sumulong sa Lupang Ipinangako.

Maliban sa dalawa, lahat ng unang henerasyon ng Exodo ay nangamatay sa desyerto dahil nagreklamo sila laban sa Diyos sa Kadesh-Barnea. Hindi rin makakapasok sa Canaan si Moises at Aaron dahil bilang mga lider, sila ang mananagot nito. Si Josue at si Caleb lang ang nakapasok sa Lupain ng Canaan kasama ang sumunod na henerasyon.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hindi natakot si Josue at si Caleb kahit nakita nila ang malalaking tao at matitibay na kuta ng mga ito sa Canaan. Sinabi nila, "Kung kalulugdan tayo ng PANGINOON ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing iyon, at ibibigay niya sa atin; isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot" (Mga Bilang 14:8). Naaangkop din sa atin ngayon ang pahayag na ito nina Josue at Caleb. Kung nalulugod sa inyo ang Diyos, tatanggapin ninyo ang mga kasagutan sa mga hinihiling ninyo.

Ang makakapagbigay ng kaluguran sa Diyos ay espirituwal na pananampalataya. Nalugod ang Diyos sa pananampalataya nina Josue at Caleb. Nakikiusap ako sa inyo na maging malakas at matapang kayo. Manampalataya tulad nina Josue at Caleb para kalugdan kayo ng Diyos at ibigay Niya ang lahat ng kasagutan sa mga dalangin ninyo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na dumating nawa ang araw na kabahagi kayo sa kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




Ang asawa niya, si Diakonesa Chorong Heo, ang pangalawang anak na si Hankyul, at ang panganay na si Kipeum

## “Gumaling ang nakausling buto sa gulugod ko!”

**Diakono Dongpil Lee, 40 taong gulang, Gwangju Manmin Church, South Korea**


Noong Marso 3, 2015, nagbuhat ako ng dalawang mabibigat na kahon. Nakakapagtaka, may naramdaman akong kakaiba sa bandang baywang ko. Inilipat at ibinaba ko sa ibang lugar ang mga kahon. Pagtayo ko, nakaramdam ako ng matinding pananakit sa likod at pati sa mga binti ko.Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa website ng GCN, www.gcntv.org. Pagkatapos nagpunta ako sa neurosurgical hospital na malapit sa bahay namin.

Sinabi ng doktor na maaaring maoperahan ako. Pero hihintayin pa ang resulta ng MRI para malaman ang detalye. Dahil naging matindi ang pananakit, isinugod ako ng ambulansya sa isang ospital na espesyalista sa mga sakit sa gulugod.


Nakita sa MRI na nakausli ang pang-apat at panlimang buto ng gulugod ko at naiipit ng mga ito ang mga ugat. At mas malala pa, napunit din ang lamad na nagpoprotekta sa mga buto, kaya lumaylay ang mga ito. Sinabi ng mga doktor na walang ibang pwedeng gawin kundi operahan ang likod ko.

Gumaling ako mula sa maraming ulcer sa tiyan dahil sa Muan Sweet Water at sa panalangin ni Dr. Lee sampung taon na ang nakaraan. At siyam na taon na ang nakaraan nang ipinanganak ng normal ang panganay na sanggol ko. Malaki ang posibilidad na may diperensya ito pero naging malusog siya dahil sa panalangin ni Dr. Lee.

Gayon pa man, nanatiling maligamgam ang pananampalataya ko, hindi ako maprotektahan ng Diyos. Nagsisi ako ng lubos. Noong Marso 7, 2015, nagdaos ng pulong na may panyong nakakapagpagaling ang iglesya. Si Rev. Heesun Lee ang namuno nito. Pinaghandaan ko ito para matanggap ko ang pagpapagaling at nanampalataya ako. Ibinigay ko bilang kaloob para sa Diyos ang halagang babayaran ko para sa operasyon sa ospital, tinanggap ko ang panalanging may panyo ni Rev. Lee. At nakakamangha, nawala ang lahat ng pananakit. Wala na akong naramdamang sakit kahit ano pa ang gawin ko. Ibinibigay ko sa Diyos na nagpagaling sa akin ang lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian!




Nakausli ang pang-apat at panlimang buto, iniipit ng mga ito ang mga ugat



Nakakatungo at nakakatayo na siya ng tuwid

## “Masaya Ako Dahil Natutuhan Ko ang Ebanghelyo ng Kabanalan na Nagturo sa Akin ng Kalooban ng Diyos”



Kasama ang anak niyang si Nayeon, at ang asawa niyang Pangalawang Diakono Yeonkil Chung

**Diakonesa Sunyeong Lee, 44 taong gulang, Gimhae Manmin Church, South Korea**

Noong Mayo 2011, nagsimula akong dumalo sa iglesya, isinama ako ng kaibigan ko. Naging masaya ang buhay ko bilang isang Cristiano. Interesado ako sa araw-araw na pag-aaral ng Biblia. Isinagawa ko ang Salita ng Diyos, nagbigay ako ng ikapu at nagkawanggawa. Hindi na ako nanood ng telebisyon, nagbasa na lang ako ng mga libro tungkol sa Cristianismo. Bukod dito, habang natututuhan ko ang Salita ng Diyos, mas hinanap ito ng espiritu ko.

Bago matapos ang Setyembre 2012, naghanap ako sa internet ng mga libro tungkol sa taong espirituwal. Dito ko nadiskubre ang website ng Manmin Central Church, www.manmin.org at ang iba’t ibang libro ni Dr. Jaerock Lee. Kumaba ang dibdib ko ng binasa ko ang mga titulo at buod ng mga libro. Naghanap ako ng paraan kung paano ko mababasa ang mga librong ito, nalaman ko na mayroon nito sa internet.

Binili ko ang e-books niya, nasa smartphone ko ang mga ito. Binasa ko ito hanggang gabi, pakiramdam ko nasa kamay ko na ang buong mundo. Nagdulot ng hindi maipaliwanag na kasiyahan sa akin ang mga librong ito, hinaplos ang puso ko. Nabalitaan ko na mayroong sangay ang Manmin Central Church sa Gimhae kung saan ako naninirahan. Noong Nobyembre 4, 2012, nagsimula akong dumalo dito.

Nailantad ng ebanghelyo ng kabanalan ang kasamaan ng puso ko. Itinuro rin sa akin nito kung paano ko lulutasin ang problema tungkol sa mga kasalanan ko. Sinimulan kong baguhin ang sarili ko. Sinikap kong iwasan ang pagiging makasarili at isaalangalang ang damdamin ng ibang tao. Kapag may galit sa puso ko, nag-aayuno ako sa buong isang araw at nananalangin. Nagsikap din akong magkaroon ng espirituwal na pag-ibig tulad ng ipinapaliwanag sa “Lectures on Love Chapter.” Masaya ako sa pakikinig ng mga sermon ng Punong Pastor.

Natanto ko ang espirituwal na kautusan kung saan ibinibigay ng Diyos ang naaayon sa ginawa natin. Magmula noon, naging tapat ako sa mga pagsamba, pananalangin, pakakawanggawa, at pagkakaloob. Nagsikap din akong tularan ang puso ng Panginoon. Dahil dito, hindi lang pinansyal na pagpapala ang ibinigay ng Diyos sa negosyo ng asawa ko, biniyayaan din Niya kami ng kalusugan at kapayapaan. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos, malinaw sa akin ang kalooban Niya at mayroon akong pag-asa.

## “Nakalaya Ako sa Pagiging Lasenggo, 60 Taon Kong Pinagdusahan Ito”



Kasama ang kanyang asawa, Punong Diakonesa Byeongki Kim

**Diakono Ilnam Hong, 85 taong gulang, Parokya 25, South Korea**

Bata pa lang ako natuto na akong uminom ng alak dahil mahilig sa alak ang mga magulang ko. Kapag lasing na ako, nakakagawa ako ng masasamang bagay, kilala ako sa lugar namin dahil dito. Pinahirapan ko ang asawa ko dahil sa ugali ko.

Noong taong 1997, dinala kaming mag-asawa ng anak kong si Pastora Jinsuk Hong sa iglesya. Ito ang naging simula ng pagdalo namin. Pero pagsamba sa Linggo ng umaga lang ang dinadaluhan ko. Naglalasing kaming magbabarkada hanggang hatinggabi. Kapag lasing na ako, nagwawala ako sa bahay. Ayaw kong mangyari ito, pero hindi ko mapigilan ang sarili ko.

Noong taong 2010, Linggo, bigla kong naisip na dumalo sa pagsamba sa gabi. Binagbag ng mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang puso ko, nagkaroon ako ng malaking pagpapala. Magmula noong araw na iyon, ayaw ko ng uminom ng alak. Hindi ko maipaliwanag kung anong nangyari! Sa wakas, nakalaya ako sa pagiging lasenggo na 60 taong kong pinagdusahan. Hallelujah!

Nag-iisa akong anak na lalaki sa pamilya ko kaya naging makasarili ako. Pero binago ang ugali ko, inuuna ko na ang kagustuhan ng asawa ko. Mapayapa ang buhay namin ngayon, nagpapamigay kami ng *Balitang Manmin* para malugod sa amin ang Diyos. Nagbabasa kami ng Biblia, ng mga libro ng Punong Pastor, at nananalangin kami araw-araw. Masaya na kami ngayon. Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Panginoon na nagbibigay sa amin ng malusog at mapayapang buhay lalo na ngayong may edad na kami.

# "Nagbago Ang Buhay Ko, Salamat sa Pag-ibig ng Panginoon"

Naniniwala sa muling pagkabuhay ng Panginoon ang mga tunay na Cristiano kaya umaasa sila sa Langit at naghahangad na baguhin ng Salita ng Diyos. Damhin natin ang dakilang pag-ibig Niya at umasa sa muling pagkabuhay, basahin natin ang ilang patotoo ng pagsagot at pagpapala ng Diyos sa mga nanampalataya at sumunod sa Kanya.



Kapatid na Margaret Atieno,
15 taong gulang, at ang nanay niya (Kenya)

## "Nakakita Ako!"

Ako ay nasa ika-7 baitang sa elementarya, naninirahan sa Siyaya, may 400 kilometro ang layo mula sa Nairobi, Kenya. Noong Pebrero 23, 2015, sumakit ng matindi ang ulo ko habang nasa klase ako. Noong magtatanghali, hindi na ako makakita. Natakot ako at nag-alala. Nagulat din ang mga kaibigan ko. Dinala nila ako sa guro namin, pero wala siyang nagawa sa problema ko. Ganito pa rin ang kalagayan ko kinaumagahan. Hindi ako makakilos nang walang tulong.

Natakot at nag-alala din ang nanay ko, hindi niya alam kung ano ang gagawin niya. Pero may pananampalataya siya sa Diyos, lumuhod siya at nanalangin. Hiniling niya sa mga kapit-bahay at kamag-anak namin na idalangin ako. May mga nagmungkahi na dalhin ako sa manggagaway pero hindi siya pumayag.

Pumunta kaming dalawa ng nanay ko sa ospital para magpasuri. Wala silang makitang dahilan ng pagkabulag ko, sinabi nilang hindi na magagamot ang mga mata ko.

Pagkalipas ng tatlong araw, nabaliatan ng isa sa mga kamag-anak namin ang nangyari. Bumisita siya sa amin. Nanay siya ni Pastor Boaz na naglilingkod sa Nairobi Manmin Holiness Church. Marami na kaming nabalitaang makapangyarihang pagkilos na nangyayari gamit ang panyong pinanalanginan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Gusto naming tanggapin ang panalangin.

Sa tulong niya, nakausap namin si Bishop Dr. Myeongho Cheong na nagpapastor sa Nairobi Manmin Holiness Church. Sinabi sa amin ni Dr. Cheong na pagsisihan muna namin ang mga kasalanang nagawa namin bago niya kami ipanalangin gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church. Pagkatapos ng pananalangin, sinubukan kong basahin ang Biblia. Malinaw na ang paningin ko, nakikita ko na ang mga letra. Hallelujah!

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Panginoon na nagpagaling sa mga mata ko. Ginagabayan Niya ako sa malinaw na daan patungo sa kaliwanagan.

## "Malala na ang Kanser sa Lymph Nodes ng Anak Kong Lalaki, Pero Nawalang Lahat Ito!"

**Sita Sunar, 30 taong gulang, Nepal**



Si Sita Sunar, kasama ang panganay na anak niyang si Suraj Sunar, na gumaling mula sa kanser (kanan), ang anak niyang babae, si Ganga Sunar, at ang isa pang anak na lalaki, si Sagar Sunar

Noong Nobyembre 2013, madalas umubo at lagnatin ang panganay na anak kong lalaki, 13 taong gulang siya. Akala ko sinisipon lang siya, pero bumaba ang timbang niya at may mga nakakabagabag na sintomas tulad ng pamamaga ng kanang bahagi ng dibdib niya.

Dinala ko siya sa Kanti Children's Hospital sa Kathmandu, pangunahing lunsod ng Nepal. Sinabi ng mga doktor na mayroon siyang lymphoma, at malala na ito (third stage), nabigla kami. Ang platelets niya ay 60,000 lang (ang normal na bilang ay 150,000 – 400,000), at ang hemoglobin level niya ay may 7.1 lang (ang normal ay 12-16). Pinanatili agad siya sa ospital para gamutin. Nalagas ang lahat ng buhok niya at naging kritikal ang kondisyon. Hindi bumuti ang kalagayan niya pagkatapos ng anim na buwang panggagamot. Nanlumo ang espiritu ko kaya pumunta ako sa Manmin Mission Center sa Nepal, madalas itong banggitin ng hipag ko.

Noong Mayo 2014, dahil nababahala kaming lahat, nagrehistro sa iglesya ang lahat ng miyembro ng pamilya ko. Pero minsan lang kami dumalo, sumamba pa rin kami sa mga diyus-diyosan. Mabilis na kumalat ang kanser sa katawan niya, matindi ang sakit na naramdaman, mataas ang lagnat, at nahihirapang huminga. Malamang mamatay na siya. Samantala, hiniling niyang makita si Pastor Grace Lee na nagpapastor sa Manmin Mission Center. Binisita siya nito noong Hunyo.

Sinabi niya sa amin na pagsisihan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, sinabi niya sa anak ko na dapat nitong sambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan sa mga pagsamba. Dumadalo na siya sa iglesya kasama ng tiya niya mula noong taong 2012, pero hindi siya tapat sa pagsamba, naglalaro siya sa labas ng simbahan. Hinimuk ako ni Pastor Lee na ipakita ang pananampalataya ko sa Diyos sa loob ng 21 araw sa pamamagitan ng pag-aayuno. Idinalangin niya ang anak ko gamit ang panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Cenral Church sa Seoul, South Korea (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pinahiran din niya ang anak ko ng Muan Sweet Water.

Sa sumunod na 21 araw, hiniling ko sa Diyos na pagalingin ang anak ko. Hindi ako kumain ng hapunan at pinagsisihan ko ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Nagsimulang gumaling ang anak ko pagkatapos ng panalangin. Bumaba ang lagnat niya at naging normal ang bilang ng platelets at hemoglobin niya, hindi na niya kinailangang salinan ng dugo tulad ng ginawa noon tuwing ikatlong araw. Pagdating ng Agosto, nasuring wala na siyang kanser. Hallelujah!

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang buhay na Diyos na nagbigay ng pagkakataong maligtas ang pamilya ko dahil sa naging karamdaman ng anak ko.



Tribhuvan University Teaching Hospital
Department of Pathology

Nakita sa pagsusuri na may malalang lymphoma ang anak ko (third stage)



KANTI CHILDREN'S HOSPITAL

Gumaling ang kanser ayon sa pagsusuri

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

Manila Manmin Holiness Church
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Bataan Manmin Holiness Church
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Cavite Manmin Holiness Church
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714